JACOB PENNER PARK

Kanino mo gustong ipangalan ang parke?

Tingnan nang maigi ang mga tahanan! Tukuyin ang isang detalye sa bawat isa na nagustuhan mo.

800
794
776
766
764
758

NOTRE DAME AVE.

Roy's FLORIST

Anong tatlong bagay ang iyong pinaka-nagustuhan sa parkeng ito? Bakit?

Kami ang Works Yard! Aling gusali ang pinakamatanda? Alin ang iyong paborito?

VICTOR ST.

McGEE ST.

WELLINGTON SCHOOL

ROYAL SUPER MARKET

Isa akong klasikong 3-palapag na walkup! Ano ang maganda sa mga apartment?

FALCONS

WELLINGTON AVE.

FIRST LUTHERAN CHURCH

Kung maaari kang magdisenyo ng sarili mong parke, ano ang idadagdag mo?

WINNIPEG ARCHITECTURE FOUNDATION @wpgarch

@KajHasselriis

winnipegarchitecture.ca

GALUGARIN ANG JACOB PENNER PARK!

Ang Jacob Penner Park ay binuo noong 1894, na ginagawa itong higit sa 125 taong gulang! Sa katunayan, isa ito sa mga pinakalumang parke sa Winnipeg. Nang magbukas ito, pinangalanan itong Notre Dame Park. Noong unang bahagi ng 1900, ang lugar sa paligid ng parke ay tahanan ng maraming mga imigranteng taga-Islandia. Sa paglipas ng mga taon, nagbago ang parke sa pag-usbong ng mas maraming mga bahay at negosyo sa lugar. Noong 2013, ang parke ay binago, at mayroon na ngayong mga napapakinabangang pasilidad tulad ng basketball court, skateboard park, hardin ng komunidad, at marami pa! Sundan ang mapang ito upang malaman ang higit pa tungkol sa makasaysayang parke sa lungsod na ito!

Plakeng Jacob Penner

Noong 2000, binago ang pangalan ng parke sa Jacob Penner Park upang parangalan ang karera ng taga-Winnipeg na si Jacob Penner. Si Penner ay isang imigrante mula sa Ukraine na dumating sa Winnipeg noong 1906. Nagtrabaho siya bilang isang politiko at ginamit ang kanyang boses upang matulungan ang mga tao sa lahat ng pinagmulan upang makakuha ng mas mahusay na suweldo at maayos na tirahan.

Winnipeg Falcons

Ang hockey team na Winnipeg Falcons ay gumawa ng kasaysayan noong Abril 1920 nang mapanalunan nila ang kauna-unahang gintong medalya sa Olympic Hockey, sa panalong 12–1 laban sa Sweden! Ang Falcons ay binubuo ng mga manlalaro na halos lahat ay mga Islandikong Canadian. Ang mga manlalarong ito ay hindi pinayagang maglaro sa liga ng hockey sa Winnipeg dahil lamang sa sila ay mga imigrante. Binuo nila ang kanilang sariling koponan noong 1911 at nakipagkumpitensya sa ibang liga. Karamihan sa mga manlalaro ay lumaban as Unang Digmaang Pandaigdig. Ang Falcons ay muling nagsama noong 1919 at noong 1920 ay nakipagkumpitensya sa Winter Olympics! Tatlo sa mga miyembro ng koponang Falcons ay nakatira nang malapit sa mga tahanan sa Agnes Street.

Winnipeg Tree Nursery at Works Yard

Noong 1984, ang Jacob Penner Park ay naging tahanan ng unang mga greenhouse at nursery sa Lungsod ng Winnipeg. Ang mga greenhouse at nursery ay ang lugar na tinutubuan ng mga tanim. Ang mga hardinero ng lungsod ay nag-eksperimento at nagpatubo ng iba't ibang uri ng mga tanim dito. Mayroon pa nga silang nursery ng punong elm! Marami sa mga puno ng elm na nakatanim sa buong Winnipeg ay pinatubo doon. Noong 1930, ang mga greenhouse at nursery ay inilipat na sa Assiniboine Park.

Verona Apartments, 730 Victor Street
Arkitekto Edgar Prain

Ang Verona Apartments ay dinisenyo ng arkitektong si Edgar Prain at itinayo noong 1911. Ang mga tatlong palapag na "walk-up" na mga apartment tulad nito ay karaniwan noong 1910 hanggang 1920. Tinatawag silang "walk-up" dahil wala silang mga elebeytor. Ang sikat na kartunista at animator ng pelikula na si Charlie Thorson ay tumira sa Verona. Si Thorson ay binigyan ng kredito para sa pagdidisenyo ng minamahal na mga animated na karakter na sina Snow White and the Seven Dwarves at si Bugs Bunny!

Mga Behay sa Victor Street

Lahat ng mga bahay sa Victor Street ay higit 115 taong gulang. Karamihan sa mga tahanang ito ay pag-aari ng mga taong lumipat sa Winnipeg mula sa Islandia.

758 Victor Street

Ang brick house na ito ay maraming mga interesanteng detalye. May mga klasikal na haligi sa beranda, tulad ng mga maaari mong makita sa mga sinaunang templong Griyego! Kung titingnan mo nang maigi, makakakita ka ng isang pattern ng paghabi sa brick, isang elliptical (hugis-itlog) na bintana, at mga mukhang alon na dekorasyong kahoy sa ilalim ng bubong.

764 Victor Street

Ang tahanang ito na gawa sa mga pulang brick ay itinayo noon 1915 at sa maraming taon ay naging tahanan nina Olafur at Sigrid Bjornson. Si Olafur ay dumating sa Winnipeg mula sa Iceland kasama ang kanyang pamilya nang siya ay 8 taong gulang lamang, at noong 1897 ay naging unang Islandikong taga-Canada na nagtapos mula sa medikal na paaralan sa Unibersidad ng Manitoba. Tignan nang maigi ang mga detalye sa bahay. Mayroong dalawang palapag na "bay window" na binabalot ng mga dekorasyong kahoy na shingle at brick sa harapang pintuan.

766 Victor Street

Ang mga unang may-ari ng 766 Victor Street ay mga panadero. Si Gudmunder Thordarson at ang kanyang pamilya ay nakatira rito habang pinatatakbo ang isang panaderyang Skandinabyan sa Sherbrook Street. Ang bahay ay gawa sa brick at may tore sa kanto na may toresilya.

776 Victor Street

Ginawa noong 1905, marami nang mga pagbabago na ginawa sa bahay ngunit kung titingin ka sa tuktok ng bubong, makikita mo ang isang bakal na barandilya sa isang maliit na plataporma. Ito ay tinatawag na "widow's walk". Karaniwan ang mga ito sa mga bahay na malapit sa dagat at ginagamit upang bantayan ang mga barko. Mayroon ding mga pinitpit na mga bakal na shingle sa ilalim ng mga patatsulok na bubong. Tingnan ang tsimenea upang mahulaan ang mga original na materyales ng bahay!

794, 796 at 800 Victor Street

Ang mga karpinterong taga-Islandiya ay mahuhusay sa paggawa gamit ang kahoy. Tumingala sa mga dekorasyong gawa sa kahoy sa mga bahay na ito. Kung titingnan mo nang maigi, makakakita ka ng isang sunburst, mga bracket na hugis kabayong-dagat. mga may dekorasyong haligi, at iba pang mga inukit sa kahoy.

Tindahan sa Kanto

Ang mga tindahan sa kanto ay pangkaraniwan sa Winnipeg, na matatagpuan sa bawat ilang mga bloke. Nagbebenta sila ng gatas, tinapay at iba pang mga groseri, na nakakatipid ng pagpunta sa mas malaking mga supermarket. Isang espesyal na interes ng mga bata sa lugar ang seleksyon ng mga kendi.

Health Sciences Centre

Ang Health Sciences Centre ay matatagpuan sa kabilang kalye mula sa Jacob Penner Park. Mayroon nang ospital rito mula pa noong 1884. Sa sumunod na siglo, ang mga gusali ay sinira at pinalitan sa paglago ng ospital. Ngayon, ang Health Science Center ay isa sa pinakamalaking medikal na pasilidad sa Canada.

Power Plant
Architekto MMP Architects

Ang Power Plant ay itinayo noong 1972 upang painitin at palamigin ang mga gusali ng ospital. Sapagkat hindi ito isang gusali na pinapasok o pinagtatrabahuhan ng maraming tao, nagawa nilang gawin ito sa isang di-pangkaraniwang hugis. Ano ang pinapaalala sa iyo ng hugis?

Playground at skatepark

Ang Jacob Penner Park ay ginamit na sa maraming paraan sa nakaraang 100 taon. Mayroong mga bangkong inuupuan para magbasa, mga landas upang lakaran, at mga serbisyong libangan upang galugarin. Minsan ay nagkaroon pa nga ng isang wading pool. Ngayon ay mayroong kagamitan sa pag-akyat, mga hoop ng basketbol at isang skatepark.

Mga Hardin ng Komunidad

Tingnan ang mga taniman malapit sa gitna ng parke—may nakikita ka bang tumutubo sa mga ito? Isa itong hardin ng komunidad, kung saan maaaring magtanim ang mga tao ng mga gulay, herb, at bulaklak. Katulad ito ng lumang greenhouse ng lungsod na dating nasa parke, maliban na ang mga taong tulad mo ang nag-aalaga sa mga halaman sa halip na mga manggagawa ng lungsod.

Wellington School, 690 Beverly Street
Arkitekto W.J. Enns

Ang unang paaralan ay itinayo rito noong 1898. Sa paglaki ng populasyon, ganun din ang paaralan. Ang kasalukuyang Wellington School, na pumalit sa makasaysayang gusali, ay itinayo noong 1972. Nang ang paaralan ay muling pinalawak, ang isang malaking "supergraphic" na guhit sa dingding (tulad ng isang mural) ay dinisenyo ng mga arkitekto ng IKOY.

Ang Winnipeg Architecture Foundation ay isang non-profit, rehistradong kawanggawa ng kawanggawa na nakatuon sa pagsulong ng kamalayan at pagpapahalaga sa binuo na Winnipeg sa pamamagitan ng pampublikong edukasyon.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga gusaling Winnipeg, landscape, at arkitekto, mangyaring bisitahin ang *winnipegarchitecture.ca*.

Ginawa sa tulong ng DMSMCA (Daniel McIntyre St. Matthews Community Association).

ILUSTRASYON NG MAPA:
Kaj Hasselriis

DISENYO:
Burdocks

WINNIPEG ARCHITECTURE FOUNDATION

DMSMCA Daniel McIntyre St. Matthews Community Association